Pag-iisa ng OFW Medicare Program sa PhilHealth: Tugon sa Mga Karaniwang Tanong

Q: **Ano ang mga basehan ng pag-iisa ng OFW Medicare sa PhilHealth?**

- Ang pag-iisa ng OFW Medicare sa National Health Insurance Program (NHIP) na pinangangasiwaan ng PhilHealth ay bilang pagtupad sa itinadhana ng Republic Act 7875 na naglalayong magtatag ng isang komprehensibong health insurance para sa lahat ng Pilipino.

  Bilang pagtupad sa nilalayon na ito ng batas, nilagdaan ng Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo nuong Disyembre 28, 2004 ang Executive Order 392 kung saan pormal nang pinagtibay ang pag-iisa ng OFW Medicare sa PhilHealth. Ang nasabing EO ay nilathala nuong Enero 12, 2005 at nagkaroon ng bisa nuong Enero 27 o 15 araw pagkalathala nito sa mga pahayagang *Daily Tribune* at *Today*.

Q: **Anu-ano ba ang mga kabutihang idudulot nito sa aming mga overseas worker at sa pamilya namin?**

- Lubos kayong makakaasa sa pinalawak at pinagbuting serbisyo dahil sa mga sumusunod:

  Katatagang pinansiyal ng PhilHealth na may kabuuang assets na umaabot sa 51 bilyon (2004). Ang maingat na pangangasiwa ng pondo ay gagarantiyahan naman ng Office of the Actuary bukod pa sa masusing pagsubaybay ng PhilHealth Board kung saan may kinatawan ang Administrator ng OWWA.

  Walang patid na membership coverage dahil sa pagbalik-bayan ninyo ay maaari ninyong ipagpatuloy ang iyong coverage bilang Individually Paying Members ng PhilHealth habang naghihintay pa ng panibagong kontrata sa ibang bansa.

  Garantisadong maging miyembro panghabambuhay (lifetime member) kapag magreretiro ka na *(umabot na sa edad na 60)* at nakapagbayad ng hindi bababa sa 120 buwang premium sa PhilHealth. Bilang lifetime member, wala na kayong babayarang premium sa panghabambuhay na coverage ninyo at ng inyong qualified dependents.

  Mas malawak na serbisyo dahil maaari na kayong makipag-ugnayan at magbayad ng premium sa alinman sa 16 regional offices at 108 service offices nito sa buong kapuluan, bukod pa sa pinagsamang lakas ng 3,748 combined branches ng 42 accredited collecting partners nito. Nakahanda ring tumanggap ng inyong bayad ang mga sangay ng **iRemit** sa Singapore, Hong Kong, Taiwan, Australia at UK. At sa pamamagitan ng partnership ng PhilHealth at OWWA ay maaari din kayong magbayad sa mga overseas offices ng OWWA.

Mas maraming accredited health care providers upang matiyak na magagamit ninyo ang inyong PhilHealth benefits saan man o kailan man ninyo kailanganin ang mga ito. Sa kasalukuyan ay may 1,558 accredited hospitals, 18 free-standing dialysis centers, 71 lying-in at maternity clinics, 29 TB-DOTS centers at 18,677 professionals ang nakahandang maglingkod sa inyo sa buong kapuluan. At kung mako-confine naman sa ibang bansa, covered pa rin kayo kasama ng inyong mga dependents sa Pilipinas!

Sigurado dahil de-kalidad ang health services – dahil lahat ng accredited health care providers ay dumaan sa masusing accreditation at quality assurance standards na ipinatutupad ng PhilHealth para matiyak na de-kalidad at kasiya-siya ang mga serbisyong medikal na matatanggap ninyo.

Q: **Kailan na magsisimulang pangasiwaan ng PhilHealth ang aming Medicare Program?**

- Bagama't nagkabisa na ang EO 392 nuong Enero 27, 2005, minabuti ng PhilHealth at OWWA na simulan ang pormal na pagsasalin ng gampanin (turnover of responsibilities) sa Marso 1, 2005.

Q: **Ano naman ang mangyayari sa aming pondo?**

- Ayon sa EO 392, bahagi lamang ng kabuuang pondo (OWWA-Medicare health insurance fund o OM-HIF) ang ipagkakatiwala sa PhilHealth para matiyak na walang patid ang pagseserbisyo sa overseas workers. Ayon sa implementing rules and regulations ng nasabing EO na pinagtulungang buuin ng PhilHealth at OWWA, 530,382,446 piso ang nakatalagang ipagkatiwala sa PhilHealth o 15% lamang ng kabuuang OM-HIF na sa kasalukuyan ay umaabot sa 3.5 bilyong piso (Hunyo 30, 2004).

  Ang nasabing halaga ay nakatakdang ilipat sa PhilHealth sa loob ng 60 araw simula Enero 27, 2005 at siyang gagamitin sa pagbabayad ng mga benepisyo at sa mga pangangailangang administratibo para sa unang taon ng operasyon nito.

  Ang matitirang pondo naman na humigit-kumulang 3 bilyong piso ay mamamalagi sa OWWA para sa karagdagang health benefit packages na maaaring pagtibayin ng OWWA Board of Trustees.

Q: **Maapektuhan ba ang mga benepisyo namin sa ilalim ng pamamahala ng PhilHealth?**

- Hindi po. Sa ilalim ng PhilHealth ay pinalawak pa ang inyong benefit package dahil bukod sa mga benepisyong tinatamasa ninyo sa ilalim ng OWWA-Medicare marami pang serbisyong medikal ang idaragdag.

Q: **Ano ba ang mga benepisyong maaari naming ma-avail mula sa PhilHealth?**

- Bukod sa inpatient care na kinabibilangan ng subsidy sa room and board at operating room fees, allowances sa drugs and medicines, laboratories at doctors' fees, covered din ang mga sumusunod na outpatient services: libreng check-up, routine laboratory exams at gamot na 'di lalagpas sa P500/pamilya, health education, chronic care tulad ng dialysis at cancer treatments *(chemotherapy at radiotherapy),* Tuberculosis treatment package sa pamamagitan ng TB-DOTS, at maternity care package para sa unang dalawang normal na panganganak.

Q: **Baka naman tumaas ang premium na kailangan naming bayaran sa PhilHealth?**

- Mananatili sa 900 piso ang premium para sa isang taong coverage sa PhilHealth na inyong babayaran sa alinman sa accredited collecting partners nito bago umalis ng bansa. Maaari ding bayaran ang nasabing premium gamit ang currency ng bansa kung saan kayo naghahanap-buhay.

Q. **Pati pamilya ko ba ay covered din?**

- Sa premium na 900 piso lamang bawat taon, covered pa rin ang inyong legal na asawa, mga anak na mababa sa 21 taon gulang at mga magulang na 60 taon pataas nang **WALANG DAGDAG NA BAYAD**!

  Ang mga anak na 21 taon pataas na nagtataglay ng kapansanan *(physically disabled o mentally handicapped)* ay maaari ding maging dependents, bukod pa sa mga adoptive parents *(dapat may adoption papers)* at step parents *(kung yumao na ang biological parent).*

Q: **Paano ko lubos na mauunawaan ang mga benepisyo na nakalaan sa akin bilang OFW member ng PhilHealth?**

- Makikipagtulungan ang PhilHealth sa mga accredited training organizations na kasalukuyang nagsasagawa ng Pre-departure Orientation Seminar o PDOS upang maipaunawa sa inyo ang mga detalye ng inyong PhilHealth membership coverage at benefits.

Q: **Kanino kami maaaring makipag-ugnayan para sa aming mga katanungan?**

- Bumisita o tumawag sa:

  PhilHealth Office of the Vice President for Membership and Contributions
  18/F Citystate Centre 709 Shaw Boulevard, Pasig City
  Telepono: 637-2672 o 637-9999 locals 1823 or 1824